

Mod-HSA

Ano ang magagawa mo upang suportahan ang inyong anak at ang kanyang guro upang maghanda para sa pagtasa?

Dalasan ang pakikipagkita sa guro ng inyong anak upang mapag-usapan ang akademikong pag-unlad ng inyong anak. Tanungin ang guro sa mga gawain para sa iyo at sa iyong anak na gawain sa tahanan upang magkapagtanda para sa pagtasa at upang mapabuti ang pag-unawa ng iyong anak sa mga gawain sa paaralan. Ang mga guro at mga magulang / tagapag-alaga ay dapat tiyak na ang mag-aaral ay tumatanggap ng angkop na mga kaluwagan katulad sa silid-aralan at sa mga pagtasa na kinikilala sa IEP. Kapag ang mga magulang / tagapag-alaga at mga guro ay magtutulong sa trabaho, napupunta ang mga benepisyo sa mga mag-aaral. Para sa karagdagang impormasyon at halimbawa ng mga bagay sa pagsubok na pagsasanay para sa mga Mod-HSA, mangyaring bisitahin ang www.mdk12.org.

Paano Inuulat ang mga Resulta para sa mga Mod-HSA?

Ang ulat sa puntos ng Mod-HSA at pamamahagi ng mga ulat pangtahanan ay gumagana na katulad din sa mga iskedyul ng pag-uulat para sa regular na HSA. Ang natamong impormasyon para sa mga paaralan, mga lokal na sistema ng paaralan, at ang Estado ay nakalimbag sa taunang "School Report Card," na makukuha sa Internet sa www.mdreportcard.org. Mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan ng inyong anak para sa karagdagang impormasyon.



Nancy S. Grasmick
Superintende ng mga Paaralan sa Estado

James H. DeGraffenreidt, Jr.
Presidente, Lupon ng Edukasyon sa Estado ng Maryland

Martin O'Malley
Gobernador, Estado ng Maryland



Ang dokumentong ito ay binuo at ginawa ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon / Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan sa ilalim ng Gawad sa Pagpapaganda sa Estado ng Maryland, gawad numero H373X070019. Ang pananaw na ipinahayag dito ay hindi palaging sumasalamain sa pananaw ng Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos o anumang ibang Pederal na ahensiya at hindi dapat na itinuturing na katulad nito. Ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon / Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan ay tumatanggap ng pondo mula sa Tanggapan ng mga Programa para sa Espesyal na Edukasyon, Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyo sa Pagpapanumbalik, Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos. Ang impormasyong ito ay walang kopirayt. Mga mambabasa ay hinihimok na kopyahin at ibahagi ito, subalit **mangyaring bigyan ng kredito ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon / Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan**, Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland.

Maryland State Department of Education
200 West Baltimore Street
Division of Special Education/Early Intervention Services
Baltimore, Maryland 21201- 2595

(410) 767-0249 (voice)
(410) 333-6442 (TTY/TTD)
(410) 333-8165 (fax)

© Maryland State Department of Education 2008

Ang Binagong Pagtasa sa Mataas na Paaralan (Mod-HSA)

Ano ang Kahulugan nito
para sa Programa ng Iyong
Anak



MOD-HSA



GABAY NG MAGULANG SA BINAGONG PAGTASA SA MATAAS NA PAARALAN - Mod-HSA

Ano ang mga Mod-HSAs?

Ang Mod-HSA ay alternatibong mga pagtasa na batay sa mga kurso sa antas na Pag-aaral sa Buod na mga Layunin (Core Learning Goals) at binagong pamantayan sa akademikong nakakamit na naka-disenyo para sa mga mag-aaral na tumatanggap ng mga serbisyong espesyal na edukasyon at tumutugon sa mga tiyak na kinakailangan sa pagsali. Ang mga katapusan-ng-kursong mga pagtasa sa algebra / pagsusuri sa data, Ingles, byolohiya at pamahalaan ay tumutugon sa mga pangangailangan na pagsusulit sa pagtatapos sa Maryland (*ang pagpasa sa HSA ay kinakailangan para sa mga mag-aaral na unang pumasok sa grado 9 sa panahon ng Paglagas (Fall) ng 2005 o lampas pa*).

Ang mga Mod-HSA ay sumasaklaw na **katulad** din sa nilalaman (tulad ng inilarawan sa Pangunahing Layunin sa Pag-aaral at Limitasyon ng Pagtasa sa Maryland) ng regular na mga Pagtasa sa Mataas na Paaralan (HSA).

Bakit binuo ang mga Mod-HSA?

Ang Walang Batang Maiwan (No Child Left Behind) (NCLB) ay nagpapahintulot sa estado na magkaloob ng mga binagong pagtasa (Mod-HSA). Ang mga uri ng mga pagtasa ay dinisenyo para sa mga mag-aaral na nangangailangan at tumanggap ng binagong mga pamantayan ng akademikong natamo na hanay sa mga nilalaman sa pamantayan ng kursong antas na pang-akademiko sa **panahon ng pagtuturo at pagtasa**. Ang mga mag-aaral na ito ay pinag-aaralan ang parehong nilalaman ng kurso **katulad** din ng mga mag-aaral sa pangkalahatang populasyon, ngunit sila ay nangangailangan ng binagong mga pamantayan sa pang-akademikong natamo upang maging magtagumpay sa mga pagtasa ng Estado.

Ano ang mga Binagong Pamantayan sa Pang-akademikong Natamo?

Ang binagong pamantayan sa akademikong natamo ay batay sa **katulad** sa nilalaman ng pamantayan sa pang-akademikong natamo (tulad ng inilarawan sa Boluntaryong Kurikulom sa Estado at Limitasyon ng Pagtasa) bilang regular na pagtasa ng mga estado (HSA). Gayunman, ang mga Mod-HSA ay naiiba sa porma upang makapagbigay sa mga mag-aaral ng daan sa mga pamantayan sa nilalaman ng kursong antas at ito ay nagsasama ng ibat-ibang pagsubok sa paghahatid upang matugunan ang mga tiyak na katangian sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga halimbawa ay ang mga bagay na pagsubok na mas kaunti at mas maikling pagbabasa, mas maikli o mas madaling tanong, at mga bagay sa pagsusulit na may mas kaunting mga pagpipilian na sagot. **Mahalagang malaman na ang mga Mod-HSA ay sumasaklaw sa katulad din sa**

nilalaman ng HSA. *Mangyaring tingnan ang www.mdk12.org para sa paglalarawan ng Boluntaryong Kurikulom ng Estado.*

Bakit ibinatay ang Mod-HSA sa pamantayan sa nilalaman ng kursong antas?

Ang mga Mod-HSA ay batay sa mga pamantayan ng nilalaman ng kursong antas upang matiyak na ang mga mag-aaral na lumahok sa Mod-HSA ay tumanggap ng pagtuturo sa nilalaman ng kursong antas nang sa gayon ay makaangat sila at maabot ang kasanayang sa kursong antas.

Paano ang pagkilala sa mga mag-aaral na may kapansanan upang sila ay makalahok sa Mod-HSA?

Ang isang mag-aaral na karapat-dapat na lumahok sa **Mod-HSA** ay makikilala batay sa indibidwal na pagsusuri ng kanyang impormasyon at ang mga edukasyonal na serbisyo at impormasyon sa kanyang IEP. Ang mag-aaral ay angkop na nakikilala sa **pagtuturo at pagtasa** na gamit ang pamantayan na naglalaman sa kursong antas at pamantayan sa binagong pang-akademikong natamo na hanay sa pagtuturo ng mag-aaral sa Pangunahing mga Layunin sa Pag-aaral sa algebra / pagsusuri ng data, Ingles, byolohiya, at pamahalaan sa Maryland.

Maaari bang tanggihan ng magulang ang paglahok ng kanilang anak sa Mod-HSA?

Ang Individuals with Disability Education Act (IDEA) at NCLB ay ipinag-uutos na ang **lahat** ng mga mag-aaral na may kapansanan ay lumahok sa mga Estado at lokal na mga pagtasa. Bilang isang miyembro ng Pangkat ng IEP, ang mga magulang / tagapag-alaga ay magtutulongan ng sama-sama magtutulongan sa ibang mga miyembro ng pangkat upang malaman ang mga pagtasa kung saan ang kanilang anak ay lalahok. Sa Maryland, ang mga mag-aaral na may kapansanan sa mataas na paaralan ay lalahok sa:

- Pagtasa sa Mataas na Paaralan (**HSAs**), sa algebra/pagsusuri sa data, Ingles, byolohiya, at pamahalaan (mayroon man o walang akomodasyon, kung naaangkop)
- Pagtasa sa Binagong Mataas na Paaralan (**Mod-HSAs**) sa algebra/pagsusuri sa data, Ingles, byolohiya, at pamahalaan (kasama ang akomodasyon)

Ang mga mag-aaral na hindi makasali sa mga pagtasang nakalista sa ibaba, at tinukoy ng pangkat ng IEP ng mag-aaral,

ay kalahok sa:

- Pagtasa sa Alternatibong Paaralan sa Maryland (**Alt-MSA**) sa pagbabasa, matematika at siyensiya para sa mga mag-aaral na nasa grado 10 na mayroon makabuluhang kapansanan sa pag-unawa.

Anong lugar na pang-akademiko ang tinatasa ng Mod-HSA?

Ang mga mag-aaral na kukuha ng Mod-HSA ay may pagtasa sa kaalaman sa algebra/ data analysis, Ingles, byolohiya, at pamahalaan. Para sa mga mag-aaral na kalahok sa Mod-HSA, ang pagtasa ay base sa pamantayan na naglalaman sa kursong antas at pamantayan sa binagong pang-akademikong natamo. Ang mga pamantayang ito ay kailangan nakahanay sa Pag-aaral sa Buod na mga Layunin ng Maryland para sa kurso kung saan nakatala ang mag-aaral. Kayat ang pamantayan sa pang-akademikong natamo lamang ang binago at **hindi** ang pamantayan sa nilalaman kung saan ang mga binagong pamantayan sa pang-akademikong natamo ay ibinase. Mahalagang alalahanin na ang mga mag-aaral na nagsisikap matamo and Mod-HSA ay hindi pinipigilan sa pagkumpleto ng mga pangangailangan para sa diploma sa regular na mataas na paaralan. **Ang isang mag-aaral ay maaaring kumuha ng Mod-HSA sa isang paksa at sa isang regular na pagtasa (HSA) naman sa ibang paksa.** (halimbawa: ang isang mag-aaral ay maaaring may karapatan sa e.g. isang mag-aaral na may karapatan sa byolohiya at Ingles Mod-HSA at sa algebra/pagsusuri sa data at HSA ng pamahalaan.

Anong maaari mong gawin upang suportahan ang iyong anak at kanyang guro na maghanda sa pagtatasa?

Makipagkita ng madalas sa guro ng iyong anak upang talakayin ang pag-unlad ng iyong anak sa akademikong. Tanungin ang guro sa mga gawain para sa iyo at sa iyong anak na maaaring gawin sa tahanan sa paghahanda para sa pagtasa. Kapag ang mga magulang / mga tagapag-alaga at mga guro ay magtutulongan sa isat-isa, ang benepisyo sa mga mag-aaral.

Maryland State Department of Education Website

www.marylandpublicschools.org

